**KALATAS**

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

TOMO 39 BILANG 7 · BASAHIN AT TALAKAYIN · HULYO 2019

EDITORYAL

# Duterte, masugid na kampon ng mga imperyalista na dapat nang ibagsak ng mamamayan

Ang pakikipagkaibigan ni Duterte sa mga makapangyarihang bansa ay nangangahulugan lamang ng walang kahihiyang pamamanikluhod niya sa mga bansang ito kapalit ang pagyurak sa pambansang soberanya. Bilang isang sagadsaring tuta sa kanyang mga among imperyalista, walang-tigil si Duterte sa pagsunod sa bawat kumpas ng imperyalismong US at ngayo'y giliw na giliw itong pinagbibigyan ang bawat kapritso ng imperyalistang China kapalit ng pagtapak sa kasarinlan ng Pilipinas.

Sa nakalipas na mahigit tatlong taon ng pasistang paghahari ni Duterte, wala itong ibang inatupag kundi itaguyod ang mga makaimperyalistang pakana sa ngalan ng kanyang among US tulad ng TRAIN Law, Rice Tariffication Law at iba pang mga katulad na patakarang neoliberal na sumasagasa sa kabuhayan ng masang anakpawis. Tumindi rin ang pagsupil nito sa lahat ng demokratikong karapatan ng mamamayan sa pamamagitan ng kanyang Joint Campaign Plan Kapanatagan at National Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa ngalan ng krusadang "anti-terorismo" ng US.

Nagmimistulang isang sugo si Duterte para sa imperyalismong US at China na handang ipagtanggol ang kanilang mga panghihimasok at pandarambong sa bayan. Gamit ang buong pwersa at lakas ng reaksyunaryong gubyerno, walang pakundangang hinahambalos ni Duterte ang mamamayan ng kanyang kamay na bakal na paghahari at paulit-ulit na inaatake ang kanilang mga demokratikong karapatan.

Iraratsada na ni Duterte ang pagbabago ng reaksyunaryong konstitusyon sa pamamagitan ng *charter change* upang bigyang-daan ang higit na pandarambong ng US sa likas-yaman ng bansa. Layunin ni Duterte at ng US na tanggalin ang mga restriksyon sa reaksyunaryong saligang batas sa pagpasok at pamamay-ari ng mga



KALATAS
Hulyo 2019
TOMO 39 BILANG 7

NILALAMAN

1 Editoryal: Duterte, masugid na kampon ng mga imperyalista na dapat nang ibagsak ng mamamayan

3 Mga alipures ni Duterte, sanib-pwersa sa pagsusulong ng pederalismo tungong diktadura

5 Sigwa sa laot: Krisis sa kabuhayan ng mga mangingisda

7 Tugon ni Patnubay de Guia: Hinggil sa persona non grata

8 Bantay Karapatan

9 Balitang TO: Mga opensiba ng Lucio de Guzman at Apolonio Mendoza Command

10 Kilos Protesta: Mga welga sa NutriAsia Cabuyao at Pepmaco Calamba

10 Kultura: Kawntertraker

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*

*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

dayuhang kumpanya sa mga susing bahagi ng ekonomiya ng bansa. Kung matutupad ang kanyang pakanang *charter change*, tiyak na isusulong din ni Duterte ang kanyang pekeng pederalismo na higit na magpapatatag at magpapatagal sa kanyang pasistang paghahari at maipagpapatuloy pa nito ang masugid na pagsisilbi sa mga imperyalista at mga dayuhang mamumuhunan laluna ang China.

Sa kanyang ginagawang pamamangka sa dalawang-ilog, nakikipagmabutihan naman si Duterte sa China upang makopo nito ang mga proyektong binubuhusan ng gubyerno ng China ng bilyun-bilyong pisong pondo habang nakikipagkutsabahan siya sa mga Chinese triads upang palawakin pa ang operasyon ng ismagling at distribusyon ng iligal na droga, bigas at iba pang mga produkto sa Pilipinas. Protektor din si Duterte maging ng operasyon ng mga sindikatong pasugalang Chinese sa bansa.

Sa pamamagitan din ng pag-aamyenda ng reaksyunaryong konstitusyon, layunin ng US na patatagin pa ang Pilipinas bilang base militar nito sa Asia-Pacific. Hanggang ngayon, nananatili ang daan-daang tropang US na nakaistasyon sa bansa at siyang direktang nakatutok sa mga operasyong militar na inilulunsad ng AFP. Ang mga tropang Amerikano din ang nagsasanay sa mga yunit ng AFP-PNP para sa mga ispesyal na operasyon. Nagpapatuloy ang mga aktibidad ng US Army sa bansa sa ilalim ng mga tratadong militar kabilang ang Enhanced Defense Cooperation Agreement at Mutual Defense Treaty.

Sa Timog Katagalugan, mantinido ang base ng US sa Ulugan Bay sa Palawan at Sangley Point sa Cavite na nagsisilbing daungan ng kanilang mga barko de gera at submarinong nagdadala ng daan-daang tauhang militar ng US at mga sandatang nukleyar. Nakakapagmantine ng operasyon ang mga tropang Amerikano sa ngalan ng interes at layunin nitong ipakita ang superyoridad militar nito sa karibal na China sa Asia-Pacific.

Samantala, nagpapatuloy naman ang henosidyong gera kontra droga ni Duterte sa kabila ng inilabas na resolusyon ng United Nations Human Rights Council na nananawagang imbestigahan ang talamak na paglabag sa karapatang tao kabilang ang libu-libong *extrajudicial killings* sa ilalim ng paghahari ni Duterte. Pinatunayan ng resolusyong ito ang nakakaalarmang kalagayan ng karapatang tao sa bansa na pakana ng kriminal na rehimeng US-Duterte.

Walang habas ding pinapatay ng rehimen ang mga inosenteng sibilyan sa ngalan ng kanyang mga anti-komunistang pakana.

Iniabante na ni Duterte sa TK ang Regional Task Force-ELCAC noon pang nakaraang taon bago pa iimplementa sa ibang rehiyon at mistulang ginawang laboratoryo muli ang rehiyon para sa mga pasistang hakbangin laban sa nakikibakang mamamayan. Sa pangunguna ng ultra-kanan at anti-komunistang si Eduardo Año, binigyan ng ispesyal na tutok ng rehimeng Duterte ang rehiyon habang nakapataw naman ang batas militar nito sa Mindanao. Tiyak na kasunod na ang TK sa mga lulunsaran nito ng mga oplan katulad ng Sauron/Sempo na nananalasa ngayon sa Negros.

Walang pangingimi si Duterte na gamitin ang pasismo at pagyurak sa karapatang tao ng mamamayan upang diumano'y matuldukan na ang higit limang dekadang pakikibaka ng mamamayan at madurog na ang PKP-BHB-NDFP bago matapos ang kanyang panunungkulan sa 2022. Ito ang disenyo ng kanyang pasistang posturang inaangklahan ng JCP Kapanatagan. Nakaumang ang kanyang mga bayaran at mersenaryong tropang AFP-PNP na patahimikin ang sinumang tututol at tutunggali

sa kanyang mga imperyalistang patakarang itinataguyod. Si Duterte ang numero unong tagapagtanggol ng US at China na anumang oras ay handang magpakaulol, maipauna lamang ang interes ng mga imperyalista kapalit ang kapakanan ng sambayanang Pilipino.

At sa kumpas ng kanyang mga amo, nais ni Duterte na durugin ang buong rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas na siyang nangungunang nagtatanggol at nagtataguyod sa mga demokratikong interes ng mamamayan at naggigiit sa pambansang kasarinlan ng Pilipinas. Nananaginip nang gising si Duterte sa pangangarap na isakatuparan ang matagal nang bigong hangarin ng mga nagdaang rehimen.

Ang patuloy na pagpapakatuta ni Duterte ang higit na nagbibigay katwiran sa kawastuhan ng armadong rebolusyong magbabagsak sa kanyang pasistang paghahari. Dapat na kumilos ang mamamayang nagtataguyod ng pambansang kasarinlan at ipagtanggol ito laban sa sinumang nais tapakan ito. Ang paglaban sa lahat ng tipo ng pananakop sa Pilipinas ay laban ng lahat ng Pilipinong nagmamahal sa bansa.

Dapat na magkaisa ang lahat ng sektor, mga progresibo at batayang uri sa lipunang Pilipino para labanan ang lahat ng panghihimasok na ginagawa ng US at China na itinataguyod ni Duterte. Hindi ang kanyang among US at China ang magiging mapagpasya sa kanyang pananatili sa estado-poder kundi ang mamamayang tunay na makabayan na higit na nagpupuyos sa kanilang rebolusyonaryong galit at handang lumahok sa pambansang pakikibaka para sa ganap na kalayaan. K

## Mga alipures ni Duterte, sanib-pwersa sa pagsusulong ng pederalismo tungong diktadura

Ang dinayang eleksyong 2019 ang pinakahuling piyesa sa plano ng rehimeng US-Duterte na palawigin ang paghahari nito. Ngayong nakapwesto na ang mga kampon at alyado ng rehimen, sunud-sunod nang ipapasa ang mga batas at programa na pabor sa mga dayuhan at lokal na naghaharing uri, pangunahin ang *charter change* tungong pederalismo. Sa kasalukuyan ay tatlong resolusyon ang nakahain sa bulok na Kongreso upang isulong ang pagbabago sa reaksyunaryong Konstitusyong 1987.

Magiit ang rehimeng US-Duterte na ipasa ang pederalismo habang sadlak ang sambayanang Pilipino sa tumitinding krisis pang-ekonomya. Kung matutupad ang planong gawing pederal ang reaksyunaryong gubyerno, tatagal pa si Duterte sa kapangyarihan lampas sa kanyang termino sa 2022 at dadami pa ang biktima ng kanyang pasistang paghahari. Ang matagal nang pangarap ni Duterte na pederalismo ay isang malagim na bangungot na hindi dapat payagang magkatotoo ng mamamayan.

**Kontrolado at dominado**

Kinumpleto ng mga ipinanalong kampon ni Duterte ang ganap nitong pagkopo sa buong gubyerno mula ehekutibo, lehislatibo at hudikatura. Pinawalang saysay nito ang sinasabi ng mga burgis na *check and balance* ng tatlong sangay ng gubyerno, na dapat sana'y iiral nang hiwalay at independyente sa isa't isa. Imbes na magsilbing tagapagbantay ng isa't isa, pare-parehong magiging sunud-sunuran ang mga sangay ng gubyerno sa kagustuhan ng pangkating Duterte at mga imperyalistang kapangyarihan.




Dahil sa pagkapanalo ng Hugpong ng Pagbabago, alyado na ng rehimen ang 19 sa 24 na senador. Lampas na rin sa mayorya ang nakuha ng pangkating Duterte sa mababang kapulungan. Bumibilang na ngayon sa 169 sa kabuuang 224 kongresista ang maaasahang alyado ng rehimen na tiyak na pakikilusin sa pagpapasa ng *charter change*. Pinangungunahan ng mga tapat na alagad ni Duterte ang Kongreso: ang inutil na Senate President Vicente Sotto III at ang panatikong House Speaker Alan Peter Cayetano.

Sa ehekutibo, pulos mga retiradong opisyal ng militar at pulis ang inilagay ni Duterte sa iba't ibang ahensya upang kabigin ang suporta ng AFP-PNP sa kanyang diktadura.

Tinatayang isa sa tatlong posisyon sa gabinete ang okupado ng mga dating opisyal militar. Hawak rin ng matataas na opisyal militar ang mga susing sibilyang ahensya tulad ng DENR, DND, DICT at marami pa. Isa na rito ang Department of Local and Interior Government (DILG) na ibinigay kay Eduardo Año, dating hepe ng Intelligence Service ng AFP (ISAFP) at masugid na anti-komunista at tuta ng US.

Maging ang hudikatura ay kontrolado na ng rehimen. Si Duterte na ang nagtalaga sa 12 sa 15

huwes ng Korte Suprema, dagdag pa ang mga hinirang nito sa mababang korte.

Dahil utang ng mga huwes ang kanilang posisyon kay Duterte, nagiging instrumento sila upang palaganapin pa ang inhustisya at pasismo. Malinaw ito sa pagbabasura kamakailan ng Korte Suprema sa petisyon ng mga ligal na demokratikong organisasyon para sa *writ of amparo* at *habeas data* na magsisilbi sanang proteksyon ng mamamayan mula sa pandarahas ng militar.

Lalong iigting at lilitaw ang sabwatan ng mga burukrata, mambabatas at mga huwes ngayong dominado na ng pangkating Duterte ang reaksyunaryong gubyerno. Pangunahin nilang proyekto ang pag-amyenda sa Konstitusyong 1987 upang bigyang daan ang pakanang pederalismo ng rehimen.

**Pederalismo para sa naghaharing uri**

Tumatakbo pa lamang sa pagkapangulo ay bukambibig na ni Duterte ang pagtatatag ng pederal na sistema ng gubyerno. Maaga pa lamang ay umani na ng mga tagasuporta ang pakanang ito. Kaakit-akit sa mga pulitiko, dinastiya at mga *warlord* ang pakanang pederalismo ni Duterte dahil garantiya ito ng patuloy nilang pamamayagpag sa kani-kanilang inaangkin na teritoryo.

Paglilinaw ni NDFP Chief Political Consultant Jose Ma. Sison, ang pederal na sistemang ipinapanukala ni Duterte ay huwad na pederalismo. Ito ay tulad lamang ng sistemang presidensyal kung saan sentralisado ang kapangyarihan sa pangulo. Pinamumunuan ng pangulo ang mga estadong pederal na bubuuin mula sa mga rehiyunal na gubyerno, na sa totoo'y hiwa-hiwalay na kaharian ng mga *warlord* at dinastiya.

Kalokohan ang sinasabi ni Duterte at ng kanyang mga alipures na hindi tutungo sa pagpapalawig ng kanyang termino ang pagsusulong ng pederalismo. Sa unang hakbang pa lang ay malaya na si Duterte sa tulong ng kontrolado niyang Kongreso na ipasok ang anumang amyenda sa reaksyunaryong Konstitusyon. Isa rito ay ang pagpapahaba ng termino ng mga opisyal para diumano'y gabayan ang transisyon ng republika tungong pederal na sistema.

Malinaw na gagamitin ni Duterte ang pagkakataong iyon para itatag ang kanyang ganap na diktadura. Kasado na ang suporta ng supermayorya ng Kongreso, lalo pa't nagpahayag na sina Sotto at Cayetano na mamadaliin nila ang pagpapasa ng mga prayoridad na panukala ng rehimen. Tuso rin nilang itatago ang pagraratsada sa *charter change* tulad ng ginawa nila noong Enero 2018 upang iwasan ang malalaking protesta ng mamamayan na pipigil sa pakanang ito.

Masidhing tinututulan ng mamamayan ang *charter change* tungong pederalismo dahil salungat ito sa kanilang interes.

Paiigtingin ng huwad na pederalismo ang konsentrasyon ng kapangyarihan sa iilang pamilya at patitindihin ang pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala sa pinakamaralitang mamamayan sa kanayunan. Paborable rin ang huwad na pederalismo sa pagtatayo at pagpaparami ng mga pribadong hukbo at *goons* na gagamitin ng mga *warlord* sa pagmamantine ng kanilang kapangyarihan.

Mas malaki pa ang inaasahang ganansya ng mga imperyalista mula sa *charter change* ni Duterte na pihadong ipinangako na ang pagtatanggal ng lahat ng restriksyon sa pag-aari ng mga dayuhan sa lupa at iba pang likas-yaman ng Pilipinas.

Nangangahulugan ang *charter change* tungong pederalismo ng mas matinding kahirapan, pasismo, at karahasan sa buong bansa. Hindi na matitiis ng gutom na mamamayan ang kasakiman ni Duterte sa kapangyarihan at tiyak na aasamin nila ang mabilis na pagbagsak ng pasista mula sa estado-poder. Ang pagkonsolida ni Duterte sa reaksyunaryong kapangyarihan ang magtutulak sa mamamayan na pataasin pa ang antas ng kanilang paglaban at likhain ang kilusang masa na gugupo sa mapaniil na rehimen. K

KILOS PROTESTA




## TK, nakiisa sa SONA ng Mamamayan 2019

Tumungo ng Maynila ang higit 650 tao mula sa Timog Katagalugan upang makiisa sa SONA ng Mamamayan na naglantad sa tunay na kalagayan ng bayan at nagpasubali sa mga kasinungalingang pinakawalan ni Rodrigo Duterte sa kanyang SONA noong Hulyo 22.

Dinala ng mga progresibong organisasyon mula sa TK ang hinaing ng mamamayan sa rehiyon. Kabilang rito ang pagbagsak ng presyo ng mga produkto ng magsasaka tulad ng kopra at palay. Itinambol din ang pagpawi sa kontraktwalisasyon at iba pang panawagan na dinadala ng mga welga sa NutriAsia, Pepmaco at iba pang pagawaan sa TK.

Inilahad din ang mataas na bilang na paglabag sa karapatang tao sa TK laluna sa hanay ng mga katutubo, magsasaka at manggagawa. Iginiit ang mga tagapagtanggol ng karapatang tao na panagutin ang mersenaryong reaksyunaryong hukbo na siyang pangunahing maysala sa mga paglabag.

Nagkaisa ang mga lumahok na organisasyon na dapat nang tapusin ang tiranikal na paghahari ni Duterte sa bansa.

Tampok sa kilos-protesta ang pagsunog sa 16-piyeng mural na pinamagatang Tres Muertes. Laman nito ang mukha nina Duterte, US President Donald Trump at Chinese President Xi Jinping. Pagsasalarawan ito ng paglukob ng mga imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas.

Bago ang SONA ay naglunsad ang mga progresibong organisasyon ng 4-araw na *caravan* na umikot sa CALABARZON at Maynila upang magdaos ng mga pag-aaral, *photo exhibit*, at iba pang mapanlikhang anyo ng protesta. K

# Sigwa sa laot
## Krisis sa kabuhayan ng mga mangingisda

Umaapaw ang katubigan ng Pilipinas sa likas na yaman. Matatagpuan dito ang iba't ibang uri ng buhay na pinakikinabangan bilang pagkain, dahilan upang kilalanin ang bansa bilang isa sa mga pangunahing prodyuser ng isda at iba pang lamang-dagat.



Sa yaman ng katubigan sa bansa malaking kabalintunaan ang dinaranas na kahirapan ng mamalakayang Pilipino. Napakababa ng kita ng isang karaniwang mangingisda na nag-uuwi lamang ng abereyds na P120 kada palaot. Wala pa ito sa kalahati ng arawang sahod ng manggagawa sa TK na naglalaro sa P300-400.

Pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno, pagsasamantala ng mga burgesya kumprador at pandarambong ng mga dayuhan ang sanhi ng kahirapan ng mga mangingisda. Ito ang ipinapakita ng kalagayan ng Lawa ng Taal na isang mayor na pook-pangisdaan sa Timog Katagalugan.

**Kabuhayan at pakikibaka sa Lawa ng Taal**

Higit pa sa isang magandang tanawin ang Lawa ng Taal para sa mamamayang nakatira sa paligid nito. Nakapalibot dito ang siyam na bayan at dalawang lungsod ng Batangas at limang bayan sa Cavite. Mayroon ding limang barangay sa Isla Pulo na nasa gitna ng lawa.

Malaki ang inaasahan ng mamamayan sa tabing-lawa na tanyag bilang tanging mapagkukunan ng mga isdang tawilis at maliputo. Kumbinasyon ng maliitang pagsasaka at pangingisda ang hanapbuhay ng mga nakatira sa tabing-lawa. Nag-aaryendo o nakikisaka lamang ang karamihan ng mga magsasaka rito na nagbubuwis ng abereyds na 30% sa may-ari ng lupa.

Primitibo ang pamamaraan ng maliliit na mangingisda na gumagamit ng tradisyunal na pana, lambat at patanga. Marami ring nagtatrabaho sa malalaki, komersyal at iligal na palakaya tulad ng basnig[1], suro[2] at pukot[3]. Kalakaran din sa lawa ang pangangalaga ng mga pamilyang mangingisda o *caretaker* sa mga semilyahan at *fish cage* kapalit ng kalahati ng kabuuang kita.

Dahil sa tuluy-tuloy na pagpasok ng mga negosyante sa lawa at kutsabahan ng mga burukrata sa mga iligal na palakaya, bumaba ang kaledad ng lawa. Noong 1920 ay 99 klase ng isda ang matatagpuan sa lawa, ngunit pagsapit ng 1995, 18 klase na lamang ng isda ang naitala rito.

Bukambibig ng mga burukrata na mamamayan ang maysala sa pagkawasak ng lawa. Sinisi pa ng rehimeng US-Duterte ang mga mangingisda sa malawakang *fish kill* noong Mayo 29 na ayon sa mga eksperto ay epekto ng pagbabago ng klima at pagbaba ng lebel ng *oxygen* sa tubig.

Kung tutuusin, maliliit na mangingisda ang pangunahing apektado at biktima ng pagkasira ng lawa. Isa hanggang tatlong kilo lamang ang naiuuwi ng mga mangingisda ngayon mula sa dating 10-20 kilo kada huli. Nabawasan rin ang kita ng mga *caretaker* mula nang magkaroon ng mga *fish cage* na pagmamay-ari ng mga dayuhan na may sariling empleyado.

Dagdag pang pasakit ang pagbili ng mga komersyante sa kanilang huling isda sa napakababang halaga. Lugi ang mangingisda sa gastos at pagod habang doble ang tubo ng mga komersyante na siyang nagtatakda ng presyo ng isda sa mga pamilihan.

Ang kakarampot na kabuhayan ng mga mangingisda sa lawa ay nanganganib pang mawala sa kanila bunsod ng samu't saring proyekto ng reaksyunaryong gubyerno at pribadong sektor. Saklaw ang Lawa ng Taal ng Metro-Taal Tagaytay Development Project (MTTDP) noong panahon ng rehimeng US-Corazon Aquino. Layon nitong idebelop ang ekoturismo at komersyo sa lugar nang walang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga maralitang nakatira rito.

Dahil sa MTTDP ay nagpapakana ang mga ahensya at lokal na gubyerno (LGU) ng mga palisiyang nagbabawal sa pagbubungkal sa tabing lawa, pagtatayo ng bahay sa baybayin, at

pag-oopereyt ng mga *fish cage*. Sa halip na lutasin ang problema sa kabuhayan ng mga mangingisda at itaguyod ang pangangalaga ng lawa, prayoridad ngayon ang pagtatayo ng mga *resort*, pag-aayos ng daungan ng mga yate at iba pang mga aktibidad na pabor sa mga turista at mayayaman.

Mula nang binuo ang MTTDP ay mariin itong tinutulan ng mga naninirahan sa palibot ng lawa. Noong 2007 ay pinigilan ng pagkilos ng mamamayan ang proyekto ng isang Koreanong negosyante na pagtatayo ng hotel sa mismong bunganga ng Taal. Nagsama-sama rin ang mga mangingisda at tumungo sa kapitolyo ng Batangas noong 2009 upang kontrahin ang patakarang nagbabawal sa mga *fish cage*. Tagumpay nilang napwersa ang LGU na bawiin ang patakarang ito.

**Mga kasalukuyang isyu sa pamamalakaya**

Ang kalagayan sa lawa ng Taal ay bahagi ng mas malawak na problema ng sektor ng mangingisda.

Pangunahing sagka sa pag-unlad ng sektor at salik sa maliit na kita ng mamalakaya ang kawalan at kakapusan nila sa kagamitan sa produksyon kabilang na ang pook-pangisdaan. Wala silang kakayahang makipagsabayan sa malalaking mangingisda na kumokontrol sa industriya ng pangisdaan, pati na sa mga dayuhang nanghihimasok sa katubigan ng bansa sa pahintulot ng hungkag at kontra-mamamayang Fisheries Code of 1998.

Sa ilalim ng Fisheries Code ay lumawak ang pangangamkam sa mga pook-pangisdaan ng malalaking negosyante at mga korporasyon. Pinapayagan nito ang pag-upa sa mga baybaying-dagat at pook-pangisdaan mula 25-75 taon sa pamamagitan ng Foreshoreland License Agreement (FLA). Binibigyan ng FLA ng karapatan ang mga umupa na angkinin ang kanilang inupahang pangisdaan matapos ang 75 taon na pag-okupa rito. Pinadadali nito at ginagawang ligal ang pagkamkam sa mga pangisdaan.

Malupit ding banta sa kabuhayan ng mga mangingisda ang mga negosyo at proyekto ng reaksyunaryong gubyerno na sasakop, sisira o magkukumbert sa kanilang pangisdaan tungo sa ibang gamit. Halimbawa nito ang Laguna Lake Expressway Dike Project na nagkakahalaga ng P122.8 bilyon at magtatambak ng lupa sa 750-ektaryang sakop ng Laguna de Bay. Milyun-milyong mamamayan ang mawawalan ng kabuhayan at tirahan at masasalanta ng baha dahil sa proyektong ito.

Lalo ring humigpit ang sitwasyon ng mga mangingisda ngayong ramdam na ang epekto sa karagatan ng dekada-dekadang pang-aabuso ng malalaking komersyal na pangisdaan at mga mapanirang proyekto gaya ng pagmimina at reklamasyon.

Bumaba ng halos 50,000 metriko tonelada ang bolyum ng produksyon sa munisipal na pangisdaan, habang 68,000 MT naman ang ibinagsak sa komersyal na pangisdaan sa buong bansa mula 2015-2017.

Sa ganitong kalagayan, walang lugar ang higit pang pagbubukas ng bansa sa mga dayong malalaki at komersyal na pangisdaan tulad ng ipinapanukalang kasunduan ni Duterte sa China. Laman ng kasunduan ang pagpayag na maglayag at manghuli ng isda ang mga komersyal na barkong pangisda ng China sa Pilipinas. Lubha itong mapanganib lalo pa't mas malalaki at abante ang sasakyang pandagat ng mga Chinese, bukod pa sa imbwelto sila sa mga kaso ng *poaching*, iligal na pangingisda, pagsira sa mga bahura at pandarahas sa maliliit na mangingisda.

Matagal nang idinadaing ng mga mangingisda ang kanilang suliranin sa kabuhayan ngunit hindi ito kailanman tinugunan ng reaksyunaryong gubyerno. Garapalan pa ang pagpapabaya ngayon ni Duterte na halos ipamigay na ang karagatan ng Pilipinas at lahat ng likas-yaman nito sa China. Ito ang kongkretong batayan kung bakit patuloy na lumalaban ang mga mamalakaya para sa kanilang karapatan, kabuhayan at pambansang soberanya. Kasama sila ng malawak na mamamayang nagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon at nagtatakda ng agos ng pagbabagong panlipunan hanggang sa makamit ang tunay na hustisya at pag-unlad. K

*1. Basnig - Malaking bangka na gumagamit ng maliliwanag na ilaw upang maakit ang mga isda. May malalaking lambat at kumukonsumo ng yelo at gasolina.*

*2. Suro - Pinong lambat na ginagamit pangkahig ng isda, suso, kuhol at iba pa sa lawa.*

*3. Pukot - Gumagamit ng malalaking screen na hinihila ng maraming tao sa dalampasigan. Kalahati ng kita ay napupunta sa may-ari at ang natitirang kalahati ay para sa boso at sa mga humihila.*



**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

## Ano ang dapat nating gawin sa pagharap sa pakana ng rehimeng US-Duterte na ideklarang persona non grata ang PKP-BHB-NDFP sa TK?

Si Duterte mismo at mga alipures niya ang may tuwirang pakana sa pagdedeklara sa PKP-BHB-NDFP bilang *persona non grata* at hindi kusang-loob ng mga lokal na pamahalaan.

Unti-unti nang naglalabasan ang katotohanan sa likod ng mga inihayag na deklarasyon ng ilang lokal na pamahalaan sa rehiyong Timog Katagalugan (TK) sa PKP-BHB-NDFP bilang *persona non grata.* Sa aming pagsisiyasat at ginawang beripikasyon mula sa mapagkakatiwalaang mga indibidwal at grupo na may akses sa panloob na mga impormasyon ng mga lokal na gubyerno sa TK, ang mga resolusyon na nagdedeklara sa PKP-BHB-NDFP bilang *persona non grata* ay mga yari't ganap nang dokumento na nagmula mismo sa pambansang pamahalaan at pinapaikot para papirmahan sa mga lokal na opisyales ilang buwan bago ang halalan ng Mayo 2019.

Ayon din sa aming mapagkakatiwalaang mga indibidwal at grupo, ang pagpapapirma sa mga inihandang resolusyon ay may dalawang pamamaraan. Una, ang mahinay na lapit kung saan susuhulan at pangangakuang tutulungan sa kampanya ang mga lokal na opisyales. At kapag di umubra ang una, saka gagawin ang ikalawang lapit—gigipitin at tatakutin sila. Ganito ang ginawa ng Task Force Peacock sa Palawan para gipitin ang mga lokal na gubyerno tungo sa pagdedeklarang *persona non grata* sa PKP-BHB-NDFP.

Samakatuwid, ang pagpirma sa resolusyon at pormal na pagpapahayag sa publiko ng mga Sangguniang Bayan sa rehiyon na *persona non grata* ang PKP-BHB-NDFP ay hindi kusang-loob na kagustuhan ng mga lokal na opisyales na itaya ang sarili sa peligro at batikos mula sa kanilang mga nasasakupan. Sila'y pinilit at isinandal sa pader na pumirma sa resolusyon hindi lang dahil sa hayagang panunuhol at pangakong tutulungan sila sa kampanyahan, kundi dahil din sa todong panggigipit at pananakot na sila'y kakasuhan na nakikipagmabutihan sa PKP-BHB-NDFP.

Sa kabilang banda, mabibilang lang sa daliri ang mga lokal na opisyal na hayagang sumusuporta sa pakanang ito ng administrasyong Duterte. Sila ang mga sagadsaring anti-komunista na patung-patong na ang nagawang kasalanan sa taumbayan at rebolusyonaryong kilusan. Hindi na nakapagtataka ang kanilang ginawang pagpanig at lantarang pagsuporta sa mga pasistang hakbangin ni Duterte laban sa taumbayan.

> ***Dapat itutok ang talim ng sibat ng pagtuligsa sa taksil, pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte bilang pasimuno... at iwasan ang ibangga ang sarili at pagtuunan ng sisi at bira ang mga LGU.***

Hindi nagkamali ang rebolusyonaryong kilusan sa TK sa mga nauna nitong mga inilabas na pahayag na ang deklarasyon ng mga lokal na pamahalaan sa PKP-BHB-NDFP bilang *persona non grata* ay resulta ng panggigipit at pananakot ng pasistang rehimeng US-Duterte para palitawin na nagtatagumpay ang kanyang kontra-rebolusyonaryong digma laban sa PKP-BHB-NDFP. Bukod dito, sinamantala rin ni Duterte at ng AFP-PNP ang panahon ng elektoral na kampanya para manlinlang, manuhol at mangakong tutulungan sa kampanya ang mga lokal na opisyales kapalit ng pagpirma nila sa inihandang resolusyon ng kanyang mga alipures.

Nangangarap nang gising si Duterte na mabibitag niya ang rebolusyonaryong kilusan sa kanyang imbing pakana na kontrolin at konsolidahin ang mga LGU sa kanyang pasistang kampanya ng panunupil at terorismo laban sa mamamayan. Dapat itutok ang talim ng sibat ng pagtuligsa sa taksil, pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte bilang pasimuno at may pakana ng mga deklarasyon ng mga LGU laban sa rebolusyonaryong kilusan at iwasan ang ibangga ang sarili at pagtuunan ng sisi at bira ang mga LGU.

Halatang desperado na talaga ang pasistang rehimeng US-Duterte dahil sa kung anu-ano na lang pakanang kasinungalingan ang kanilang ginagamit na paraan para pagmukhain silang nagwawagi laban sa PKP-BHB-NDFP. Subalit dahil sa kanilang desperasyon, sila na rin ang naglalantad sa kanilang sarili na sila'y bigo sa kanilang ultimong layunin na alisan ng popular na suporta ang rebolusyon. Ang mismong ikinikilos at ginagawa ni Duterte laban sa taumbayan at mga lokal na opisyales sa TK ang lilikha ng kundisyon para pagmulan ng malakas na suporta ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Si Duterte mismo ang lumilikha ng matabang lupa para lalo pang makapagpalakas ang PKP-BHB-NDFP sa rehiyon at lubos na maihanda ang sarili sa susuungin nitong malalaking labanan sa hinaharap. K

*Pananalasa ng JCP Kapanatagan sa Quezon*

## 223 kaso ng paglabag sa karapatang tao naitala sa loob ng 5 linggo

Walang tigil ang reaksyunaryong militar sa pananalasa sa anim na bayan sa Timog Quezon kung saan 223 kaso ng paglabag sa karapatang tao ang iniulat mula Hunyo hanggang unang linggo ng Hulyo. Sinasaklaw ng ulat ang mga bayan ng Lopez, Macalelon, Gumaca, Catanauan, General Luna at Atimonan.

Pinakamaraming kaso na bumibilang sa 108 ang naitala sa Lopez na sinundan ng 62 kaso sa Macalelon, bukod pa sa mga hindi pa naisasadokumento.

Pinakatalamak at umabot sa 60 kaso ang *red-tagging* sa mga ligal na organisasyon at mga miyembro nito. Halimbawa nito ang pagpresyur ng Southern Luzon Command sa Sangguniang Barangay ng San Francisco B, Lopez na ipasa ang isang *ready-made* na resolusyon na nagdedeklarang *persona non grata* ang mga progresibong organisasyon at partylist. Higit kalahati ng populasyon ng San Francisco B ay miyembro ng mga nasabing grupo.

Tampok rin ang 38 kaso ng pagbabanta, pandarahas at intimidasyon at isang kaso ng tangkang pagpatay sa Lopez. Pangunahing biktima ang mga magsasaka na pinararatangan ng AFP na tagasuporta umano ng Pulang hukbo.

Isa rito ang kaso ng panggigipit sa isang magsasaka sa Barangay Olongtao, Macalelon na dumulo sa sapilitang pagpapasuko. Binugbog ang biktima at pinilit na umamin ng mga ahente ng militar na mayroong siyang kalibre .38, isang mahabang baril at mga dokumento galing sa BHB. Kada tanggi ng biktima ay nakakatikim siya ng suntok at sipa mula sa militar na naghalughog rin sa silong ng kanyang bahay.

Sa sumunod na mga araw ay dinala ang biktima sa opisina ng pulis at DSWD at kinuhaan ng salaysay. Pinapipirma siya sa kasunduan ng pagsuko kapalit ng hindi pagsasampa ng kaso ng mga militar laban sa kanya.

Padron din ang pagsasagawa ng militar ng mga *food blockade* o pagharang sa pagkain at pagkakait ng kabuhayan sa residente ng mga barangay kung saan may naganap na labanan sa pagitan ng AFP at BHB. Sa inisyal na bilang ay 38 barangay ang dumanas ng *food blockade*.

Walang habas ring namutok ang AFP sa mga sityong pinangyarihan ng mga labanan noong Hunyo 11, 13, 26, 27 at Hulyo 2.

Samantala, limang barangay ang iligal na kinampuhan ng AFP. Ito ay ang mga barangay ng San Francisco B at Villa Nacaob sa Lopez, Malabahay at Vista Hermosa sa Macalelon, at Gaya-gayaan sa Gumaca.

## Higit 600 mamamayan sa Oriental Mindoro, nagbakwit dahil sa operasyong militar

Higit 600 tao mula sa mga barangay ng San Antonio, Loyal at San Cristobal sa Victoria, Oriental Mindoro ang sapilitang lumikas dahil sa pandarahas ng 76$^{th}$ Infantry Battalion, 1$^{st}$ Police Mobile Force Company ng Oriental Mindoro at 404$^{th}$ Regional Mobile Force Battalion ng PNP-MIMAROPA.

Binomba, tinakot at ginipit ng AFP-PNP ang mga residente ng tatlong barangay matapos ang labanan sa pagitan ng Pulang hukbo at mersenaryong militar noong Hulyo 3 at 4. Lumikas ang mga residente mula sa interyor tungong *covered court* sa sentro ng tatlong barangay upang makaiwas sa pananalasa ng mga militar at pulis.

Kulang sa pagkain at kagamitan ang mga nagbakwit na residente kabilang ang maraming bata, pitong sanggol at dalawang may kapansanan.

"Higit na kailangan ngayon ang pagbibigkis ng mamamayan upang ipagtanggol ang kanilang karapatan at gapiin ang takot na nais ihasik ng pinalala at pinasaklaw na JCP Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte. Nananawagan kami sa mga taong simbahan, propesyunal, mga guro, at iba pang sektor na makipagkaisa sa mga magsasaka at katutubo sa pagtatanggol sa karapatang pantao at mangahas na labanan ang pasismo ng rehimen," pahayag ni Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro.

## 2 organisador ng magsasaka, hinuli ng PNP-MIMAROPA

Dinakip ng PNP-MIMAROPA ang dalawang organisador ng mga magsasaka sa Barangay Pinagturilan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro noong Hulyo 27.

Iligal na inaresto sina Reynaldo Malaborbor, Jr. at Nadeline Fabon na ipinipilit ng mga pulis na mga miyembro ng Bagong Hukbong Bayan. Tinamnan sila ng kalibre .45 at 9mm na pistola, mga bala, granada, isang *improvised explosive device*, at mga "subersibong" dokumento. Ginamit ng AFP-PNP ang mga ito bilang ebidensya sa kasong *illegal possession of firearms and explosives* na isinampa laban kina Malaborbor at Fabon.

Sina Malaborbor at Fabon ay mga boluntir ng isang ligal na organisasyon ng mga magsasaka. Nagsasagawa sila ng konsultasyon sa mga magsasaka hinggil sa mga problema sa lupa at kabuhayan sa panahong dakpin sila ng PNP.

Kasalukuyang nakapiit sina Malaborbor at Fabon sa Mamburao Provincial Jail.



## AFP-PNP-CAFGU, nagtamo ng 12 kaswalti sa Mindoro mula Hunyo-Hulyo

Sunud-sunod na binigwasan ng mga yunit sa ilalim ng Lucio de Guzman Command (LdGC) - BHB Mindoro ang mersenaryong AFP-PNP-CAFGU sa anim na magkakahiwalay na labanan mula noong Hunyo 13 hanggang Hulyo 4 na nagresulta sa 12 kaswalti sa hanay ng reaksyunaryong hukbo.

Sampu ang kumpirmadong patay at dalawa ang sugatan sa AFP-PNP sa anim na labanan na pumutok sa dalawang probinsya sa isla ng Mindoro. Hindi pa kasama dito ang kaswalti sa tatlo pang labanan kung saan ang dalawa ay taktikal na opensiba at ang isa ay aktibong depensa.


Tampok sa mga labanang ito ang haras ng Pulang hukbo sa Sitio Minas, Barangay Alcate, Victoria, Oriental Mindoro noong Hunyo 21 kung saan dalawang sundalo ang nasawi. Ang haras ay kontra-atake ng BHB laban sa pwersa ng 203rd Brigade na noo'y naglulunsad ng *pursuit operations* bilang reaksyon sa taktikal na opensiba ng LdGC noong Hunyo 17.

Haras din ang porma ng TO ng LdGC noong Hunyo 17 laban sa 1st Maneuver Platoon ng 1st Police Mobile Force Company ng Oriental Mindoro sa Barangay San Isidro, Victoria. Hinagisan ng granada ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng mga pulis na katuwang ng AFP sa *joint military operations* sa balangkas ng kampanyang supresyon na JCP Kapanatagan.

Samantala, dalawang CAFGU naman ang iniulat na kaswalti sa haras ng isa pang yunit ng LdGC sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Purnaga, Magsaysay, Occidental Mindoro noong Hunyo 16.

Magiting namang nakipaglaban at aktibong nagdepensa ang isang yunit ng LdGC sa pagsalakay na ginawa ng 203rd Brigade noong Hulyo 3 sa Sityo Puri, San Cristobal, Victoria. Nasawi ang anim na elemento ng AFP sa labanan kung saan namartir ang isang mandirigma ng BHB.

Patunay ang mga labanan sa Mindoro na handa ang Pulang hukbo na salubungin ang bangis ng pinatinding kontra-rebolusyonaryong gera ni Duterte. Sa pakikipagkaisa ng masa sa BHB, at tulad ng mga nakaraang kontrarebolusyonaryong oplan ng mga sinundang rehimen, tiyak na magagapi ang pasistang kampanya na JCP Kapanatagan. K



## AMC-BHB Quezon, tuluy-tuloy ang opensiba laban sa AFP

Siyam na labanan ang naganap sa pagitan ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon at AFP sa mga bayan ng Mauban, Lopez, Macalelon at Catanauan sa buong buwan ng Hunyo hanggang pagpasok ng Hulyo.

Binuksan ng AMC ang Hulyo sa dalawang labanan noong Hulyo 2 at 6. Bago ito ay pininsala ng Pulang hukbo ang 85th IBPA sa dalawang labanan sa bayan ng Catanauan at San Francisco noong Hunyo 27.

Binomba ng AMC ang isang CAFGU detatsment sa Sityo Rekudo, Barangay DJV, San Francisco ng alas-11 ng gabi ng Hunyo 27. Sinundan ito ng isang engkwentro sa pagitan ng yunit ng AMC at tropa ng AFP na nagrerekorida sa Sityo Halindog, Barangay Sta. Maria, Catanauan.

Samantala, pinasinungalingan ni Ka Cleo del Mundo ang bulaang ulat ng 85th IBPA hinggil sa naganap na labanan noong Hunyo 11 sa Sityo Bunga, Barangay Villa Nacaob, Lopez. Iniulat ng Southern Luzon Command ng AFP na nagtamo ang Pulang hukbo ng maraming kaswalti sa nasabing labanan.

Ang totoo'y mga pwersa ng 85th IBPA ang napinsala sa labanan na nagsimula ng 3:19 ng hapon at tumagal ng limang minuto. Umabot sa mahigit kalahating oras ang pamumutok ng mga sundalo kahit wala na silang tiyak na target.

Iniulat ng mga residente na may trak ng militar na dumating kinagabihan upang kunin ang katawan ng mga napatay na sundalo, at na kinabukasan ay nakita ang mga palabas na sundalo na may dala-dalang sugatan.

Walang galos ang mga operatiba ng BHB na imbwelto sa labanan.

"Kuwentong-kutsero ito na kasinglaos na ng bangkaroteng rehimen. Katulad ito ng anggulong 'nanlaban' sa ilalim ng Oplan Tokhang," ani del Mundo.

Ang mga naturang aksyong militar ay bahagi ng pinaigting na taktikal na opensiba ng BHB laban sa JCP Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte. K




## Karapatan sa trabaho at pag-uunyon, iginigiit ng mga manggagawa ng NutriAsia

Nagwelga ang mga manggagawa ng NutriAsia sa Cabuyao City, Laguna noong Hulyo 6 kontra sa kontraktwalisasyon, pagsupil sa kanilang karapatang mag-unyon at hindi pagbabayad ng *overtime* at benepisyo ng kumpanya.

Partikular na kahilingan ng mga manggagawa ang regularisasyon ng 714 kontraktwal, pagbabayad ng kumpleto sa *overtime* at mga benepisyo gaya ng SSS at Philhealth, at pagbawi sa suspensyon sa trabaho ni Reyniero Maarat, pangulo ng Kilusan ng Abanteng Sektor ng Anakpawis sa Nutri-Asia Manufacturing Division Cabuyao Plant-Organized Labor Associations in Line Industries and Agriculture (KASAPINA-OLALIA) at iba pang opisyal ng unyon.

Ipinatitigil rin ng mga manggagawa ang mga iligal na kaltas tulad ng pagbabayad sa uniporme at taunang *physical examination* o tsek-ap.

Matagal nang panawagan ang pagtapos sa matinding kontraktwalisasyon sa NutriAsia na nag-eempleyo ng 1,100 manggagawa. Siyam sa 10 manggagawa ng kumpanya ang kontraktwal at kalakhan sa mga ito ay halos isang dekada nang nagtatrabaho rito.

Noong 2018 ay inirekomenda na ng Department of Labor and Employment ang regularisasyon ng 714 kontraktwal batay sa pag-aaral ng ahensya.

Nais rin ng mga manggagawa na kilalanin ang itinayo nilang KASAPINA-OLALIA bilang lehitimong unyon na kakatawan sa kanila sa Collective Bargaining Agreement (CBA) o mga negosasyon.

Isinusuka na ng mga manggagawa ang dilawang AWATU na umano'y "pambansang unyon" sa NutriAsia. Nakikipagkutsabahan ang AWATU sa NutriAsia upang mapigilan ang sertipikasyon ng KASAPINA-OLALIA. Sa huling CBA ay pitong piso lamang ang umento sa sahod na ipinanalo ng AWATU.

Sa buong bansa ay may anim na pagawaan ang NutriAsia na pagmamay-ari ng pamilya Campos, isa sa mga kroni ng dating diktadurang Marcos.

## Strike sa Pepmaco, tuloy kahit dinahas ng kumpanya

Hindi nagpatinag ang mga manggagawa ng Peerless Producers Manufacturing Corp. (Pepmaco) sa Calamba, Laguna na nagpatuloy ng kanilang welga sa kabila ng marahas na dispersal noong Hunyo 28 kung saan sugatan ang 11 manggagawa.

Nagstrike ang mga manggagawa upang iprotesta ang panggigipit sa unyon, iligal na pagtatanggal sa trabaho sa mga miyembro ng unyon, 12-oras na trabaho, hindi ligtas na kalagayan sa trabaho, napakababang sahod na P373/araw at kontraktwalisasyon. Nagsimula ang welga na pinangunahan ng Pepmaco Workers' Union noong Hunyo 24.

Marami nang atraso ang Pepmaco sa mga manggagawa. Walang gamit pangkaligtasan ang mga manggagawa samantalang matitinding kemikal ang kanilang hinahawakan araw-araw. Wala ring natatanggap na mga benepisyo sa kalusugan o SSS ang mga ito. Ang mga manggagawang 15 taon nang nagtitiis sa kumpanya ay kontraktwal pa rin.

Nang igiit ng mga manggagawa ang kanilang karapatan, 67 tao ang sinibak ng Pepmaco.

Pinadala ng kumpanya ang mga pulis at *goons* nito para mabuwag ang piket. Tusong pinasok ng mga ito ang piket at pinaghahampas ang mga natutulog at nagpapahingang manggagawa bandang ala-1 ng hapon noong Hunyo 28.

Nananawagan ang iba't ibang progresibong organisasyon sa mamamayan na iboykot ang mga produkto ng Pepmaco tulad ng sabon na Champion at Hana shampoo. Ang Pepmaco ay pagmamay-ari ni Simeon Tiu.



## Kawntertraker

*ni Ka Sari*

**Tahimik, marahan ang**
**iyong pagsugsog**
**Sa bakas, sa boses at lahat**
**niyang kilos**
**Walang ulan at araw,**
**walang init at lamig**
**Sa iyong mataas na diwa**
**ng pagsunod sa atas**

**Ginawa mong bulag at**
**bingi ang palalong kaaway**
**Sa iyong pagsanib sa**
**gubat,**
**Gubat na umangkin sayong**
**kanya**
**Bunga ng malalim mong**
**pagnanasang pangalagaan**
**sya**

**Kaisa mo ang putik at mga**
**bato**
**Sumasaliw sayo maging**
**huni, ng ibo't kuliglig**
**Kamoplahe ng puno'y**
**yumayakap sa iyo**
**Upang bigyang kublihan**
**ang yong pagmamanman**

**Lilipas ang kaaway at**
**kanyang operasyong**
**Bigo at suntok lamang sa**
**hangin**
**Palalalain ang kanyang**
**alipunga**
**ng demoralisasyo't**
**pagkasiphayo**

**Habang ika'y**
**magpapatuloy, higit na**
**magpapakahusay**
**nang sa muling**
**pagtatagpo'y ganap nang**
**bibiguin**
**ang misyon ng kaaway.**

**Para kay Buddy at sa magiging pang katulad niya*